



COVID-19

SINIMULAN NA ANG PAGBAKUNA NG COVID-19 BOOSTER DOSE

Para sa nagnanais ng dagdag (pangatlong beses) na bakuna para sa COVID-19:

「Hangga't possible, magpabakuna nang agaran gamit ang nakahandang bakuna sa nakatakdang araw.」

Nagtayo ang Nagano Prefecture ng vaccination site at isinasagawa na ang pagbabakuna ng booster dose (pangatlong bakuna) para sa mga taong nakalista sa ibaba.

Sakop

(Dapat na pasók sa lahat ng kahilingan sa ibaba)

- **18 taong gulang pataas, nakatira sa Nagano Prefecture**
- **6 na buwan na ang lumipas pagkatapos ng 2nd dose**
- **May vaccine coupon para sa booster dose mula sa LGU's**


Pagpapatala

【Magpa-reserba online】 Hanggang 5 pm, 2 araw bago ang nais na araw ng pagpabakuna.



Vaccination Site na
Itinayo ng Nagano
Prefecture



Appointment
System
(Nihongo)



An impormasyon
(saan at kailan)
tungkol sa naunang
dalawang bakuna ay
makikita rito.

Pamunuan ng Vaccination Site sa Nagano Prefecture **TEL : 0 2 6 - 4 8 0 - 0 4 0 0**
(Nihongo lamang)

Panahon ng Pagpapatala : 9 am- 5 :30pm (Bukás kahit Sabado, Linggo, at Piyesta Opisyal)

Ang Kailangang Dalhin

- Identification Card (Residence Card, Passport, Driver's License, Individual Number Card, Health Insurance Card)
- Vaccine Coupon na inisyu ng munisipyo

Gagamiting Bakuna

Takeda/Moderna Vaccine

Booster Vaccine (Pangatlong Bakuna)

- Ang bisa ng bakuna ay humihina paglipas ng panahon at humihina ang proteksiyon laban sa impeksiyon.
- Napag-alaman na humihina rin ang bisa ng bakuna na maprotektahan ang matatanda na lumala ang sakit.
- Ang booster dose ay tutulong na palakasing muli ang resistensiya na labanan ang sakit at maiwasang lumala ang karamdaman.
- Ang gagamiting bakuna para sa booster dose ay Moderna at Pfizer brand, anuman ang ginamit na brand sa naunang dalawang bakuna.



Ang isang dayuhan na isinama ng magulang sa Japan at nananatili sa ilalim ng Dependent Visa at nais magtrabaho sa Japan pagkatapos ng Senior High School dito, ay pinapayagang magpalit ng visa na Long-term Resident o Designated Activities.

Pangunahing Kondisyon

Long Term Resident	Designated Activities
Nagtapos ng elementarya	—
Nagtapos o kaya ay naka-iskedyul na magtapos ng Senior High School dito sa Japan.	Nagtapos o kaya ay naka-iskedyul na magtapos ng Senior High School dito sa Japan. ※Kung pumasok galing sa ibang bansa, dapat na may kakayahan sa Nihongo (JLPT N2 Level)
—	Supporter (ama o ina) , dapat na nakatira sa Japan.

Dapat na nananatili sa Japan sa ilalim ng Dependent Visa.

Dapat na 18 taong gulang pababa nang pumasok sa Japan.

Dapat na tanggáp na o sigurado na ang papasukan (※Dapat na higit sa 28 oras ang oras ng trabaho sa isang lingo.

Tingnan sa official website ng Imigrasyon ang detalye at dokumentong kailangan. (Multilanguage)



Video na ipinapaliwanag sa Simple Japanese.



Mapapanood: Part1~5

Konsultasyon

[YORISOI HOTLINE] Maaaring Kumonsulta Kahit Sino



Ang [Yoriso Hotline] ay para sa hindi bihasa sa Nihongo. Maaaring kumonsulta sa 10 wika tungkol sa visa, pamumuhay, trabaho, at anumang bagay na ikinababahala. Mananatiling kompidensiyal ang inyong konsultasyon. (Walang bayad)

Makikita sa website ang **Suportadong wika** at iskedyul ng **araw** at **oras** na puwedeng kumonsulta.



I-scan para sa Facebook

Paunawa

Magbabago ang Direktor ng Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center

Nagbukás ang Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center noong Oktubre 2019. Ang tanggapan ay tumutugon sa mga konsultasyon ng mga banyagang residente ng prepektura. Ang dating direktor nito ay magbibitiw na sa puwesto ngayong Marso at may papalit na panibago.

Mensahe ng dating Direktor

Magandang araw sa inyo. Ako si Naomi Sunohara, direktor ng tanggapan. Kami ay tumutugon sa konsultasyon ng mga banyagang residente at nagbibigay ng mahalagang impormasyon na kailangan. Salamat sa inyong kooperasyon sa panahon ng aking pananatili. Huwag mag-atubiling kumonsulta kung kayo ay magka-problema.



Ang [Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center] ay tumutugon sa mga konsultasyon tungkol sa pang-araw araw na pamumuhay sa 15 wika. (Walang bayad)

☎ 026-219-3068 / 080-4454-1899 Homepage : <https://www.naganoken-tabunka-center.jp/>

